ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# KONDISYONG PANSILID-ARALAN AT KASIYAHAN SA KLASE NG MGA MAG-AARAL SA LOKAL NA KOLEHIYO

**Gueenny R. Berdin[1], Conie B. Cerna, MAEd[2]**
*[1]Student Researcher, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*
*[2]Program Coordinator, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra19827**
**DOI No: 10.36713/epra19827**

## ABSTRAK

*Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay mabatid ang pagkakaugnay ng kondisyong pansilid-aralan at kasiyahan sa klase ng mga mag-aaral sa lokal na kolehiyo. Natamo ang mga layunin ng pag-aaral na ito sa pamamagitan ng estadistikong ginamit. Ang pag-aaral na ito ay ayon sa pamamaraang palarawang ugnayan na disenyo ng pananaliksik na ginagamitan ng talatanungan upang malaman ang makabuluhang ugnayan ng kondisyong pansilid-aralan at kasiyahan sa klase ng mga mag-aaral sa lokal na kolehiyo. Ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay binubuo ng mga mag-aaral sa lahat ng departamentong inaalok ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology na may kabuoang bilang na 254 na respondente. Ang mga datos na nalikom ay sinuri gamit ang Mean at Person-r. Natuklasan sa resulta ng pag-aaral sa kondisyong pansilid-aralan batay sa indikeytor nito na indibidwal na pagkatuto, kapaligiran ng silid-aralan, at katangian ng guro. Habang ang kasiyahan sa klase ng mga mag-aaral batay sa indiketor na pagtuturo, pagtatasa, at pangkalahatang kasanayan at kakayahan sa pagkatuto. Lumabas sa resulta na may makabuluhang ugnayan ng kondisyong pansilid-aralan at kasiyahan sa klase ng mga mag-aaral sa lokal na kolehiyo. Lumabas din sa resulta ang mga domain/s ng kondisyong pansilid-aralan na may malaking epekto sa kasiyahan sa klase ng mga mag-aaral sa lokal na kolehiyo.*

**SUSING SALITA**: *kondisyong pansilid-aralan, kasiyahan sa klase ng mga mag-aaral, una at ikalawang antas ng kolehiyo, kwantitatibong pananaliksik, lokal na kolehiyo*

## INTRODUKSYON

Ang mga epekto ng kondisyon sa silid-aralan ng kabataan ay maaaring maiugnay sa pagkakaiba ng katangian ng mga bata, disenyo ng pag-aaral, at mga katangian ng pagsukat. Halimbawa, habang ang mga bata ay dumadaan sa yugto ng pagbibinata, ang mga estruktura ng paaralan ay nagsisimulang magbago nang malaki kumpara sa kapaligiran ng mga paaralang pang-elementarya sa maagang pagkabata, at ang paglipat sa bagong kapaligirang ito ay may epekto sa kanilang akademiko at sikolohikal na kalagayan. Gayunpaman, bihirang isaalang-alang sa mga umiiral na pananaliksik ang mga epekto ng kondisyon sa silid-aralan ay maaaring magkaiba batay sa edad, antas ng pag-unlad ng mga bata, pagkakaiba sa lahi, etnisidad, at katayuan sa socioeconomic (Wang et al., 2020).

Sa Tsina, ang kalidad ng tagaturo ay may direktang epekto sa tagumpay ng mag-aaral sa kanilang akademikong buhay. Ayon sa lokal na pag-aaral, mga aspeto tulad ng emosyonal na katalinuhan, pakikipag-ugnayan sa trabaho, self-efficacy, at ang suporta at puna mula sa guro ay may malalim na kaugnayan sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Bilang paghahanda para sa kanilang mga hinaharap na karera, kinakailangan ng mag-aaral ng kursong edukasyon na magkaroon ng sapat na propesyonal na kaalaman at kasanayan, at magsagawa ng sistematikong pag-aaral upang matugunan ang mga pangangailangang ito. Sa huli, ang pagiging produktibo at malikhaing guro ay mahalaga upang mapabuti ang epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral (Ma et al., 2022).

Sa Antique, ang kanilang kapaligiran sa paaralan ay may direktang impluwensya sa pagganap ng mag-aaral sa kanilang klase. Ang kalagayan ng silid-aralan, samakatuwid, hindi lamang isang pisikal na espasyo kundi isang mahalagang bahagi ng konstruksyon ng isang produktibong kapaligiran sa pagkatuto. Kung ang silid-aralan ay maayos at akma sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral, nagiging mas matagumpay at epektibo ang kanilang pagkatuto. Kapag ang kondisyon ng silid-aralan ay kaaya-aya at may sapat na suporta mula sa mga guro, mas nagiging epektibo ang proseso ng pagkatuto (Madrigal et al., 2022).

Susuriin sa pag-aaral na ito ang pananaw ng mga mag-aaral sa mga salik na nakakaimpluwensya sa kondisyon ng paaralan, upang mas maunawaan ang mga mag-aaral sa araw-araw na pagsisikap, pagharap sa kondisyon ng paaralan, kabilang ang mga hadlang na maaari nilang maranasan. Upang i-konsepto ang kumplikado at interaksyon ng mga salik na nakakaimpluwensya na tinutugunan ng guro, at ng mga estudyante ay nangangamba sa posibilidad na maimpluwensyahan ang mga salik na ito. Pinag-aralan ang pananaliksik na ito upang pagtuonan at pahalagahan ang kondisyon ng silid-aralan na kung saan dito natututo ang mga mag-aaral, kinakailangan na pag-aralan ito upang malaman

kung ano o kung saan nagkulang ang guro sa kanyang pagtuturo at pangangasiwa sa kaniyang mga mag-aaral. Dagdag pa, mahalaga na malaman ang kondisyon ng isang silid-aralan upang mas mapahusay pa ang pagganap ng guro sa kaniyang pagtuturo at mas maging epiktibo ang pagkatuto ng mag-aaral.

**Layunin ng Pananaliksik**
Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang kondisyon ng silid-aralan at ang antas ng kasiyahan ng mga mag-aaral sa kanilang klase. Partikular, tinutugunan nito ang mga sumusunod na layunin ng pananaliksik:

1. Upang matukoy ang kondisyong pansilid-aralan sa mga tuntunin ng
   1.1 indibidwal na pagkatuto;
   1.2 kapaligiran ng silid-aralan, at
   1.3 katangian ng guro
2. Tukoyin ang kasiyahan sa klase ng mag-aaral sa mga tuntuning
   2.1 pagtuturo;
   2.2 pagtatasa, at
   2.3 pangkalahatang kasanayan at karanasan sa pagkatuto
3. Upang matukoy ang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kondisyong pansilid-aralan at kasiyahan sa klase ng mga mag-aaral sa lokal na kolehiyo.
4. Upang matukoy kung aling domain ng kondisyong pansilid-aralan ang may malaking epekto sa kasiyahan sa klase ng mga mag-aaral sa mga respondente.

**Haypotesis**
Ang null na hypothesis ay nasubok sa 0.05 level na makabuluhang antas na nagsasaad ng walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kondisyong pansilid-aralan at kasiyahan sa klase ng mga mag-aaral sa lokal na kolehiyo.

## METODOLOHIYA

**Disenyo ng Pananaliksik**
Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwantitatibong disenyo na *correlational* na pamamaraan ang mananaliksik. Ginamit ito ng mananaliksik upang masukat ang antas ng ugnayan ng kondisyong pansilid-aralan at kasiyahan sa klase ng mga mag-aaral. Ito ang nagbibilang at nag-aanalisa ng mga baryabol upang makuha ang mga resulta na ginamit sa pag-aaral. Sa kinuhang mga datos, ginamit ng mananaliksik ang mga instrumentong gaya ng mga talatanungan at sarbey (Creswell, 2009).

Ginamit ang korelasyonal na *approach* sa pag-aaral na ito upang matukoy ang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Ang pagsusuri sa antas ng ugnayan ng dalawa o higit pang baryabol ay ang layon ng isang korelasyonal na pananaliksik nang walang interbensyon na ginawa upang baguhin ang kinalabasan ng isang baryabol. Layon din nitong ilarawan ang ugnayan ng mga baryabol at ipakita ang direksyon kung ito ba ay positibo o negatibo at ang mga kalakasan nito (Creswell, 2005; Cook et al., 2008).

**Lokasyon at Respondente ng Pananaliksik**
Ang mga respondente ng pag-aaral ay ang mga mag-aaral mula sa mga mag-aaral sa unang taon at pangalawang taon ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology (KCAST). Dahil may mag-aaral ang opisyal na naka-enroll, gagamit ang mananaliksik ng *universal sampling* upang matukoy ang bilang ng respondente sa pananaliksik na ito, kaya lahat ng mag-aaral na naka-enroll sa KCAST sa ikalawang semestre nitong taong panuruan 2023-2024 ang napiling mga respondente.

**Instrumento ng Pananaliksik**
Ang instrumentong gagamitin sa pag-aaral ay may dalawang bahagi, ang una ay tumatalakay sa kasiyahan sa klase ng mga mag-aaral ng mga respondente na may mga tagapagpahiwatig tulad ng pagtuturo, pagtatasa, at pangkalahatang kasanayan at karanasan sa pagkatuto; at ang ikalawang bahagi na may kondisyong pansilid-aralan na may indikasyon tulad ng indibiduwal na pag-aaral, kapaligiran ng silid-aralan, at katangian ng guro.

Ginamit na batayan ang Likert Scale sa paglalarawan ng antas ng kondisyong pansilid-aralan at kasiyahan sa klase ng mag-aaral sa lokal na kolehiyo. Ang limang naayos na gradasyon ng kondisyong pansilid-aralan na may kani-kanilang hanay ng mga paraan at paglalarawan ay ang mga sumusunod

| Saklaw ng Paraan | Deskriptibong Katumbas | Paglalarawan |
|---|---|---|
| 4.50-5.00 | Napakataas | Kung ang kondisyong pansilid-aralan ay ipinakita sa lahat ng oras. |
| 3.50-4.49 | Mataas | Kung ang kondisyong pansilid-aralan ay ipinakita sa karamihan ng mga pagkakataon. |
| 2.50-3.49 | Katamtaman | Kung ang kondisyong pansilid-aralan ay ipinakita sa marami ngunit hindi sa karamihan ng mga pagkakataon. |
| 1.50-2.49 | Mababa | Kung ang kondisyong pansilid-aralan ay ipinakita sa ilang mga pagkakataon. |
| 1.00-1.49 | Napakababa | Kung ang kondisyong pansilid-aralan ay hindi naipakita. |

Para sa kasiyahan sa klase ng mag-aaral, ang sumusunod na limang orderable gradations na may kani-kanilang hanay ng mga paraan at paglalarawan ay isinasaalang-alang:

| Saklaw ng Paraan | Deskriptibong Katumbas | Paglalarawan |
|---|---|---|
| 4.50-5.00 | Napakataas | Kung ang kasiyahan sa klase ng mga mag-aaral ay ipinakita sa lahat ng oras. |
| 3.50-4.49 | Mataas | Kung ang kasiyahan sa klase ng mga mag-aaral ay ipinakita sa karamihan ng mga pagkakataon. |
| 2.50-3.49 | Katamtaman | Kung ang kasiyahan sa klase ng mga mag-aaral ay ipinakita sa marami ngunit hindi sa karamihan ng mga pagkakataon. |
| 1.50-2.49 | Mababa | Kung ang kasiyahan sa klase ng mga mag-aaral ay ipinakita sa ilang mga pagkakataon. |
| 1.00-1.49 | Napakababa | Kung ang kasiyahan sa klase ng mga mag-aaral ay hindi naipakita. |

**Pagkolekta ng Datos**
Ang mananaliksik ay sumailalim sa mga sumusunod na hakbang sa pangangalap ng mga datos para sa pag-aaral.
**Paggawa ng liham pahintulot.** Ang mananaliksik ay gumawa ng liham para sa Pangulo ng Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology upang hingin ang pahintulot sa pagsagawa ng pag-aaral.

**Pagsumite ng mga talatanungan.** Habang naghihintay ng pahintulot para magsagawa ng pag-aaral, inihanda ng mananaliksik ang talatanungan at isumite ito sa kanyang tagapayo para sa karagdagang pagsusuri. Pagkatapos, isinailalim ito sa balidasyon ng mga eksperto o mga dalubhasa upang matiyak na ang mga aytem ay angkop sa layunin ng pag-aaral.

**Distribusyon ng talatanungan.** Matapos mabigyan ng balidasyon at maaprubahan ng panel at mga eksperto, ang instrumento ng pananaliksik ay direktang ipinamigay sa mga respondente sa pamamagitan ng face-to-face na distribusyon ng talatanungan na may kasamang permiso. Isinagawa ng mananaliksik ang pananaliksik at kinolekta ang talatanungan mula sa mga respondente pagkatapos nilang masagutan ang lahat ng mga ito.

**Istatistikal Tritment ng Datos**
**Mean.** Ginamit ito para sa layunin ng pananaliksik upang matukoy ang mga antas ng kondisyong pansilid-aralan at kasiyahan sa klase ng mga mag-aaral sa lokal na kolehiyo.

**Pearson's r.** Ginamit ito para sa layunin ng pananaliksik upang matukoy ang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kondisyong pansilid-aralan at kasiyahan sa klase ng mag-aaral sa lokal na kolehiyo.

## RESULTA AT DISKUSYON

***Talahanayan 1 Antas Ng Kondisyong Pansilid-Aralan Sa Mga Tuntunin Ng Indibidwal na Pagkatuto***

| Indibidwal na Pagkatuto | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Ang takdang-aralin na itinalaga para sa amin ay nakatutulong sa amin na matuto | 4.52 | Pinakamataas |
| 2. Ang gawain na itinalaga para sa klase namin ay makabuluhan at mahalaga | 4.50 | Pinakamataas |
| 3. Sinisikap kong gawin ang aking makakaya sa klase | 4.52 | Pinakamataas |
| 4. Ako ay nagaganyak na matuto at gumawa ng mapaghamong gawain sa klase | 4.26 | Pinakamataas |
| **KABUOAN** | **4.45** | **Pinakamataas** |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

***Talahanayan 2 Antas Ng Kondisyong Pansilid-Aralan Sa Mga Tuntunin Ng Kapaligiran ng Silid-aralan***

| Kapaligiran ng Silid-aralan | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. May malinaw na mga tuntunin at regulasyon ang aming silid-aralan | 4.33 | Pinakamataas |
| 2. Maganda ang pag-uugali ng aking kapwa mag-aaral sa silid-aralan | 4.06 | Mataas |
| 3. Kami ay nagtutulungan at nagkakaisa kapag may mahirap na Gawain | 4.09 | Mataas |
| 4. Kami ng aking mga kaklase ay tinatrato ang isa't isa nang may paggalang | 4.17 | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.16** | **Mataas** |

***Talahanayan 3 Antas Ng Kondisyong Pansilid-Aralan Sa Mga Tuntunin Ng Katangian ng Guro***

| Katangian ng Guro | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Ang aming guro ay nagbigay sa amin ng motibasyon sa pag-aaral | 4.54 | Pinakamataas |
| 2. Ginagawa ng aming guro na kawili-wili ang pag-aaral | 4.41 | Pinakamataas |
| 3. Ginagabayan kami ng guro kung nahihirapan kami na pag-aralan ang isang bagay | 4.50 | Pinakamataas |
| 4. Pantay-pantay ang pagturo at tinatrato kami ng aming guro nang may respeto | 4.56 | Pinakamataas |
| 5. Nililinaw ng guro kung ano dapat ang aming matutuhan sa loob ng isang semester | 4.52 | Pinakamataas |
| 6. May tiwala ang aming guro na makakamit namin ang matataas na marka | 4.44 | Pinakamataas |
| **KABUOAN** | **4.54** | **Pinakamataas** |

***Talahanayan 4 Buod ng Antas Ng Kondisyong Pansilid-Aralan***

| Indicators | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| **Indibidwal Na Pagkatuto** | 4.45 | Pinakamataas |
| **Kapaligiran Ng Silid-Aralan** | 4.16 | Mataas |
| **Katangian Ng Guro** | 4.44 | Pinakamataas |
| **KABUOAN** | **4.35** | **Pinakamataas** |

**Antas ng Kondisyong Pansilid-aralan.** Ang pangkalahatang antas ng kondisyong pansilid-aralan ng mga respondente ay nagtamo ng pinakamataas batay sa kanilang mga naging tugon sa mga tagapahiwatig ng antas ng kondisyong pangsilid-aralan kabilang na rito ang mga indikeytor na indibidwal na pagkatuto, kapaligiran ng silid-aralan, at katangian ng guro.

Ayon sa pag-aaral ni Schweig et al. (2019), ang kondisyon ng silid-aralan ay sumasaklaw sa iba't ibang aspeto ng pangkalahatang kapaligiran ng paaralan, kabilang ang mga relasyon, kaligtasan, at kalidad ng pagtuturo. Ang klima sa silid-aralan ay tumutukoy sa mga tiyak na kapaligiran sa pagtuturo na nilikha ng mga guro. Nakatuon ito sa pagbubuo ng isang positibo, ligtas, at inklusibong kapaligiran sa paaralan at silid-aralan. Kaya, kinakailangan para sa mga guro na matukoy ang mga tiyak na aspeto ng kapaligiran sa pagkatuto na kanilang pagbibigyan ng pansin.

Karagdagan, ang kondisyon ng silid-aralan ay nagpapakita ng pagsusuri ng mag-aaral sa kanilang karanasan sa edukasyon. Kabilang sa pagsusuring ito ang mga opinyon ng mga mag-aaral tungkol sa kahirapan ng kanilang klase, ang mga pagkakataon para sa interaksyon kasama ang guro at mga kaklase, at ang kanilang pakikilahok sa mga gawain at aktibidad sa klase. Ang bawat mag-aaral ay may sariling pananaw tungkol sa kapaligiran ng silid-aralan. Gayunpaman, maaaring magkaroon din ng isang kolektibong persepsyon at damdamin ang mga mag-aaral at guro bilang isang grupo. Kaya, ang klima sa silid-aralan ay maaaring ituring bilang isang ibinahaging interpretasyon ng kapaligiran ng klase ng mga mag-aaral na dumadalo sa klase (Darakhshan et al., 2022).

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

*Talahanayan 5 Antas ng Kasiyahan sa Klase ng Mag-aaral sa mga Tuntunin ng Pagtuturo*

| Pagtuturo | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Ang aking guro ay may sapat na kaalaman sa paksang tinatalakay | 4.68 | Pinakamataas |
| 2. Binibigyan ako ng aking mga guro ng pagkakataon na magtanong | 4.48 | Pinakamataas |
| 3. Tinatrato ako ng aking mga guro nang may respeto | 4.66 | Pinakamataas |
| 4. Binibigyang pansin ng mga guro ang aming kaalaman at kakayahan | 4.59 | Pinakamataas |
| 5. Epektibong ipinaabot ng aking mga guro ang nilalaman ng paksa | 4.45 | Pinakamataas |
| 6. Ginawang kaakit-akit ng aking mga guro ang paksa sa abot ng kanilang makakaya | 4.50 | Pinakamataas |
| **KABUOAN** | **4.56** | **Pinakamataas** |

*Talahanayan 6 Antas ng Kasiyahan sa Klase ng mga Mag-aaral sa mga Tuntunin ng Pagtatasa*

| Pagtatasa | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Alam ko kung sa anong paraan ako nararapat na tayahin | 4.23 | Mataas |
| 2. Patas ang pagsubok na isinuri sa aking mga kasanayan | 4.31 | Pinakamataas |
| 3. Ako ay tinasa sa naaangkop na paraan ayon sa aking kakayahan | 4.25 | Mataas |
| 4. Nakatanggap ako ng kapaki-pakinabang na puna sa aking pagtatasa | 4.25 | Mataas |
| 5. Ang pagtatasa ay isang magandang pagsubok na itinuro sa akin | 4.32 | Pinakamataas |
| **KABUOAN** | **4.27** | **Pinakamataas** |

*Talahanayan 7 Antas ng Kasiyahan sa Klase ng mga Mag-Aaral Sa Mga Tuntunin ng Pangkalahatang kasanayan at karanasan sa pagkatuto*

| Pangkalahatang kasanayan at karanasan sa pagkatuto | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Nagpaunlad ng aking mga kasanayan sa paglutas ng problema. | 4.29 | Pinakamataas |
| 2. Nakatulong sa akin na mapaunlad ang aking kakayahang mag-aral bilang isang miyembro ng pangkat. | 4.31 | Pinakamataas |
| 3. Nagpabuti ng aking mga kasanayan sa pasulat na komunikasyon. | 4.31 | Pinakamataas |
| 4. Nakatulong sa akin na magkaroon ng kakayahang magplano ng aking sariling gawain. | 4.32 | Pinakamataas |
| 5. Nag bigay sa akin ng higit na kumpiyansa sa pagharap sa mga hindi pamilyar na problema. | 4.25 | Mataas |
| 6. Naging paraan upang mas maniwala ako sa aking sarili at paunlarin ang aking kakayahan na matuto. | 4.35 | Pinakamataas |
| 7. Nagdulot ng positibong kaisipan sa pagkamit ng aking mga layunin | 4.31 | Pinakamataas |
| 8. Nakatulong sa akin na mag-isip tungkol sa mga bagong pagkakataon sa buhay. | 4.35 | Pinakamataas |
| **KABUOAN** | **4.31** | **Pinakamataas** |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

*Talahanayan 8 Buod ng Antas ng Kasiyahan Sa Klase Ng Mga Mag-aaral*

| Indicators | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| **Pagtuturo** | 4.56 | Pinakamataas |
| **Pagtatasa** | 4.27 | Pinakamataas |
| **Pangkalahatang Kasanayan At Karanasan Sa Pagkatuto** | 4.31 | Pinakamataas |
| **KABUOAN** | **4.38** | **Pinakamataas** |

**Antas ng Kasiyahan sa Klase ng mga-aaral.** Ang antas ng kasiyahan ng mga mag-aaral sa klase ay nakakuha ng pinakamataas na kabuuang mean. Ang mataas na antas na ito ay dulot ng mga pahayag na may pinakamataas na deskriptibong antas nang isinailalim ang bawat indicator nito, tulad ng pagtuturo, pagtatasa, at pangkalahatang kasanayan at karanasan sa pagkatuto.

Maihahambing sa pag-aaral ni Haverila et al. (2021), ang kasiyahan ng mag-aaral ay maaaring maiugnay sa kanilang akademikong pagganap dahil ito ay nag-uudyok ng positibong pananaw tungkol sa institusyon, na nagiging sanhi ng mas mataas na pagnanais ng mga mag-aaral na humingi ng suporta, kumpara sa pakiramdam ng pagkabigo sa unibersidad. Sa kabila ng ilang oposisyon, ipinakita ng pananaliksik na ang mga mag-aaral ay itinuturing na mga kostumer ng mga institusyong pang-edukasyon, at bago pa man sila magsimulang magbayad ng matrikula, ang kanilang kasiyahan ay dapat ituring na pangunahing priyoridad ng mga paaralan.

Dagdag pa, sa pag-aaral ni Sydel (2023), ang kasiyahan ng mag-aaral ay isang mahalagang indikasyon ng kalidad na kailangang masusing subaybayan ng mga institusyon. Isa itong pangunahing sukatan ng kalidad sa mga institusyong pang-edukasyon, na hindi lamang sinusuri ang kasiyahan ng mga estudyante sa kanilang mga klase, kundi pati na rin ang kabuuang karanasan nila sa institusyon. Ang pagpapanatili ng kasiyahan ng mga mag-aaral ay isa sa mga pangunahing layunin ng paaralan. Upang makamit ang magagandang resulta, mahalagang paunlarin ang iba't ibang aspeto ng paaralan, mula sa imprastruktura, mga guro, at teknolohiya.

*Talahanayan 9 Makabuluhang Ugnayan Sa Pagitan Ng Kondisyong Pansilid-Aralan At Kasiyahan Sa Klase Ng Mga Mag-Aaral Sa Lokal Na Kolehiyo*

| *Variable* | *Mean* | *R-Value* | *P-Value* | *Decision @=0.05* |
|---|---|---|---|---|
| **Kondisyong Pansilid-Aralan** | 4.39 | .768 | <.001 | ***$H_o$ Rejected*** |
| **Kasiyahan Sa Klase** | 4.38 | | | |

**Makabuluhang Ugnayan Sa Pagitan Ng Kondisyong Pansilid-Aralan At Kasiyahan Sa Klase Ng Mga Mag-Aaral Sa Lokal Na Kolehiyo.** Batay sa resulta, masasabing ang dalawang baryabol na kondisyong pansilid-aralan at kasiyahan sa klase ng mga mag-aaral ay may korelasyon dahil sa ipinakitang resulta nito. Nagpapakita ng malakas na positibong korelasyon sa pagitan ng kondisyong pansilid-aralan at kasiyahan sa klase ng mga mag-aaral.

Kaugnay sa pag-aaral ni Vidic (2021), ang kondisyon ng silid-aralan ay may kaugnayan sa kasiyahan ng mga mag-aaral sa paaralan. Ito ay nagbibigay ng kognitibong pagsusuri sa pangkalahatang positibong karanasan ng mga mag-aaral sa paaralan. Dahil ito ay kumakatawan sa isang mahalagang aspeto ng pananaw ng mga bata sa kalidad ng buhay, mahalagang matukoy kung ano ang mga salik na nakakaapekto sa kanilang kasiyahan sa paaralan at kung hanggang saan ito umaabot. Ang positibong klima sa silid-aralan ay may makabuluhan at positibong epekto sa self-efficacy at pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral.

Dagdag pa, sa pag-aaral ni Degol et al. (2022), ang kondisyon ng silid-aralan ay lumitaw bilang isang pinagsamang konsepto na nagpapakita kung paano ang pagkakasama at akumulasyon ng iba't ibang karanasan sa pagkatuto ay nakatutulong sa pagbuo ng mga akademikong resulta, asal, at socioemosyonal na aspeto ng mga bata at kabataan. Ang mga aspetong ito ay maaaring magkaroon ng malaking epekto sa kasiyahan ng mag-aaral sa klase. Samakatuwid, kaugnay ang kondisyong pansilid-aralan at kasiyahan sa klase, dahil dito nasusukat ang antas ng komunikasyon at pagkakaisa ng mga mag-aaral. Ang mga epekto ng kondisyong pansilid-aralan sa mga kinalabasan ng kabataan ay maaari ring maiugnay sa mga pagkakaiba sa mga katangian ng mga mag-aaral, disenyo ng pag-aaral, at mga katangian ng pagsukat.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

***Talahanayan 10 Mga Domeyn Ng Kondisyong Pansilid-Aralan Na May Malaking Epekto sa Kasiyahan sa Klase ng mga Mag-aaral sa mga Respondente***

| *Independent Variables* | *Unstandardized Coefficients* | | *Standardized Coefficients* | *t-value* | *P-Value* | *Decision @=0.05* |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | *Beta* | *Std. Error* | *Beta* | | | |
| *(Constant)* | 4.38 | 0.032 | | | | |
| Pagsasalita | 0.207 | 0.05 | 0.219 | 4.109 | < .001 | ***$H_o$ Rejected*** |
| Pagsusulat | 0.171 | 0.04 | 0.221 | 4.268 | < .001 | ***$H_o$ Rejected*** |
| Pagwawasto | 0.404 | 0.047 | 0.459 | 8.596 | < .001 | ***$H_o$ Rejected*** |
| ***Dependent Variable:*** Kasiyahan Sa Klase | | | | | | |

**Note:** R= 0.771, $R^2$=0.594, F-ratio= 121.935 P-value= <.001

**Mga Domeyn ng Kondisyong Pansilid-aralan na may Malaking Epekto sa Kasiyahan sa Klase ng mga Mag-Aaral sa mga Respondente.** Batay sa resulta ng pananaliksik, may tatlong domeyn ang kondisyong pansilid-aralan na may malaking epekto sa kasiyahan sa klase ng mga mag-aaral, ito ay ang pagsasalita, pagsusulat at pagwawasto. Maihahambing sa pag-aaral ni Rakhmawati et al. (2020) na ang pagganap ng pagsasalita ng mga mag-aaral ay konektado mula sa kasiyahan ng isang mag-aaral sa isang silid-aralan at ito rin ay pagharap sa materyal na ginamit bilang bahagi ng kapaligiran sa silid-aralan, at ang lektor bilang isang facilitator ng kapaligiran ng silid-aralan mula din sa kanilang pagganyak. Ang mga mag-aaral ay may mataas na motibasyon sa silid-aralan sa pagsasalita, nasiyahan din sila sa mga materyales at ang instruktor sa silid-aralan ng pagsasalita.

Sa kabilang banda, sa pag-aaral ni Abbas (2018) na sa pagsusulat, masasabi na ang kasiyahan ng mga mag-aaral ay nakabatay sa kanilang pagkamit o paglampas sa kanilang mga inaasahan. Mahalaga ang kasiyahan ng mga mag-aaral dahil ito ay nagsisilbing indikasyon sa mga administrador na epektibo ang kanilang mga kurso. Sa personal na antas, ipinapakita nito kung nasiyahan ang mga mag-aaral sa kanilang karanasan sa pagkatuto sa isang partikular na kapaligiran.

Natuklasan sa isang pag-aaral ni Wong et al. (2022), kapag ang mga mag-aaral ay nagsasagawa ng sariling pagwawasto at kusang nagkakamali habang nag-aaral, at pagkatapos ay inaayos ang kanilang mga pagkakamali, nagkakaroon sila ng mas magagandang resulta sa pagkatuto kumpara sa paggamit ng mga teknik tulad ng pagkopya, paggawa ng mga concept map, at pagsasummarize ng mga ideya gamit ang kanilang sariling mga salita. Ang layunin ng pagwawasto ng pagkakamali ay matulungan ang mga mag-aaral na lubos na maunawaan ang target na wika ng aralin, mapabuti ang kanilang kasanayan sa wika, at mapalakas ang kanilang tiwala at interes sa pag-aaral ng wika sa pamamagitan ng mga pagsasanay na ito.

Sa kabuoan, ang tatlong domain ng kondisyong pansilid-aralan na, pagsasalita, pagsusulat at pagwawasto ay may malaking epekto sa kasiyahan ng mga mag-aaral sa pagkatuto at pakikipagkomunikasyon. Naiimpluwensiyahan ng tatlong domain ang kasiyahan sa klase ng mga mag-aaral sa lokal na kolehiyo.

## KONKLUSYON

Batay sa resulta, ipinakita na ang pangkalahatang resulta na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kondisyong pansilid-aralan at kasiyahan sa klase ng mga mag-aaral sa lokal na kolehiyo. Ang resulta sa bawat sukat o aytem ng antas ng kasiyahan sa klase ay may mataas kaysa kumpara sa sukat ng kondisyong pansilid-aralan. Gayunpaman, ipinapahiwatig pa rin nito na ang malayang baryabol na antas ng kondisyong pansilid-aralan ay may epekto sa antas ng kasiyahan sa klase ng mga mag-aaral. Sa gayon ito ay nagpapatunay na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol.

Dagdag pa, naipakita rin sa pangkalahatang resulta na ang tatlong domain ng kondisyong pansilid-aralan gaya ng pagsasalita, pagsusulat at pagwawasto ay may malaking epekto sa kasiyahan sa klase ng mga mag-aaral sa lokal na kolehiyo. Ipinapahiwatig lang nito na malaki talaga ang ambag ng kondisyong pansilid-aralan sa kasiyahan sa klase ng mga mag-aaral.

Samakatuwid, ito ay nangangahulugan lamang na ang anumang pagbabagong nagaganap sa malayang baryabol na kondisyong pansilid-aralan ay hindi nakakaimpluwensiya sa di-malayang baryabol na kasiyahan sa klase ng mga mag-aaral sa lokal na kolehiyo. Sa parehong sitwasyon, ang anumang pagbabagong nagaganap sa kondisyong pansilid-aralan ay walang makabuluhang impluwensiya sa kasiyahan sa klase ng mga mag-aaral. Maliwanag na isinasaad nito ang kondisyong pansilid-aralan bilang malayang baryabol ay may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kasiyahan sa klase ng mga mag-aaral sa lokal na kolehiyo.

## TALASANGGUNIAN

1. *Abbas, (2018) Blended Learning and Student Satisfaction An Investigation into an EAP Writing Course https://www.researchgate.net/publication/233866892_Blended_Learning_and_Student_Satisfaction_An_Investigation_into_an_EAP_Writing_Course*
2. *Degol et al., (2022) Classroom Climate https://www.sciencedirect.com/science/articlelabs/pii/5027322972030018*
3. *Derakhshan et al., (2022) Reviewing the role of positive classroom climate in improving English as a foreign language students' social interactions in the online classroom https://www.frontiersin.org/articles/10.3389/fpsyg.2022.1012524/full*
4. *Haverila et al., (2021) Towards a comprehensive student satisfaction model https://www.sciencedirect.com/science/article/abs/pii/S1472811721001075*
5. *Ma et al., (2022) The relationship between perceived classroom climate and academic performance of students https://www.frontiersin.org/articles/10.3389/fpsyg.2022.939661/full*
6. *Madrigal et al., (2022) (PDF) Classroom Climate and Student's Academic Performance of a Public https://www.researchgate.net/publication/346190166_Classroom_Climate_and_Student's_Academic_Performance_of_a_Public_School_in_Antique*
7. *Rakhmawati et al., (2020) The Students' Speaking Performance in a Speaking Classroom Environment Viewed from the Students' Satisfaction and Their Motivation https://www.researchgate.net/publication/341290503_The_Students'_Speaking_Performance_in_a_Speaking_Classroom_Environment_Viewed_from_the_Students'_Satisfaction_and_Their_Motivation*
8. *Schweig et al., (2019) Measuring School and Classroom Climate https://www.rand.org/pubs/research_reports/RR4259.html*
9. *Sydel, (2023) Partners | SYDLE https://www.sydle.com/partners/?utm_source=Blog+SYDLE&utm_medium=organic&utm_content=process-management&utm_campaign=Blog+SYDLE*
10. *Vidic, (2021) Student Satisfaction https://dialnet.unirioja.es/descarga/articulo/8206349.pdf*
11. *Wong et al., (2022) Student satisfaction and interaction in higher education – Higher https://link.springer.com/article/10.1007/s10734-022-00874-0*